THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS
# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 40 * Oktubre 2 - 8, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

## Pangingikil ng NPA sa mga tatakbong pulitiko sa halalan, bantay-sarado ng PNP

sundan sa pahina 2

## 4 na miyembro ng kadamay, nagbalik-loob sa gobyerno

sundan sa pahina 10

## Mahigit P32-M pekeng sigarilyo, nasabat sa Bulacan; 4 suspek, arestado

sundan sa pahina 11




# PNP, TUMANGGAP NG P38-M DISASTER RESPONSE EQUIPMENT MULA SA JAPAN

sundan sa pahina 3





## PULISYAPEDIA

**Ang pakikipagtalik ba sa asawang nangaliwa ay itinuturing na pagpapatawad?**

Ang pangangaliwa o pagkakaroon ng kalaguyo ay ipinagbabawal sa batas. Depende sa sitwasyon at kung sino ang nakagawa ng pagkakamali, ito ay maaaring maging adultery o concubinage ayon sa revised Penal Code. Ngunit ayon sa batas, kung ang isang asawa ay nakipagtalik sa asawa nitong nangaliwa o may kalaguyo, madalas ay itinuturing itong condonation o pagpapatawad. Kahit hindi pasalitang pinatawad ng biktima ang asawa nito, itinuturing na rin na parang pagpapatawad ang pakikipagtalik kung alam nito ang relasyon ng asawa nito sa iba at itinuloy pa rin ang nasabing gawain. Dahil dito, mapapawalang-sala ang asawang nangaliwa sa adultery o concubinate kung ito man ay umabot sa korte dahil sa implied na pagpapatawad.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

## E - SUMBONG



0919-160-1752 - SMART
0917-847-5757 - GLOBE
888 - Presidential Complaints Center
911 - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# Pangingikil ng NPA sa mga tatakbong pulitiko sa halalan, bantay-sarado ng PNP



Photo Courtesy: web.facebook.com/spear9ID

**Inatasan na ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang lahat ng police office at units na bantayan at pigilan ang pangingikil ng New People's Army (NPA) sa panahon ng eleksyon.**

Una nang nagbabala si Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa mga rebeldeng komunista at political warlords na huwag guluhin ang national at local elections sa susunod na taon. Dapat aniya na pigilan ang mga miyembro ng NPA na nangongolekta ng "permit-to-campaign" fees mula sa mga pulitiko.

"Inaatasan ko ang ating kapulisan na siguraduhing hindi makakaporma itong mga NPA sa kanilang mga extortion activities. Inaasahan na natin na sasamantalahin ng mga ito ang panahon ng eleksyon para makapangikil sa mga tatakbo sa darating na halalan," pahayag ni PGen Eleazar.

"Nagpapaalala rin ako sa mga kakandidato na huwag patulan itong ilegal na gawain ng mga rebeldeng komunista. Sama-sama nating siguraduhin na maging malinis at maayos ang eleksyon sa susunod na taon," dagdag pa niya.

Tiniyak din ni PNP Chief na mananatiling naka-alerto at magbabantay ang mga kapulisan hanggang sa matapos ang eleksyon.

"Mahigpit naming babantayan simula ngayong filing ng COCs, panahon ng kampanya, aktuwal na botohan, hanggang sa proklamasyon ng mga nanalong kandidato," ani Eleazar.

Samantala, pinapurihan ni PGen Eleazar ang matagumpsy na operasyon ng PNP at Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Martes, Oktubre 5, sa Sorsogon.

Nakumpiska sa naturang iperasyon ang iba't ibang war materials mula sa CPP-NPA-NDF.

Ayon kay Eleazar, nananatiling isang malaking banta sa eleksyon ang CPP-NPA-NDF dahil inaasahan na muli silang mangunguna sa mga extortion activities mula sa mga tatakbong kandidato sa nalalapit na halalan.

Umapela din sa publiko ang hepe na makipagtulungan at agad i-report kung sakaling may presensya ng NPA o kriminal sa kanilang lugar upang agad na maaksyunan ng PNP.

# PGen Eleazar, ipinag-utos ang malalimang imbestigasyon sa Bicol University explosion




**Ipinag-utos ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa Police Regional Office 5 ang malalimang imbestigasyon sa insidente ng pagsabog sa loob ng Legazpi City Campus ng Bicol University noong Linggo ng gabi.**

"Nagbaba na ako ng kautusan sa RD, PRO5 PBGen Jonnel Estomo na tutukan ang imbestigasyon at tiyakin na mapapanagot ang may gawa nito lalo na at ang Bicol University Legazpi Campus kung saan naganap ito sa tapat lamang ng Regional Headquarters ng PNP," ani PGen Eleazar.

Ayon sa report, bandang 6:00 PM nang mangyari ang magkasunod na pagsabog kung saan agad na rumesponde ang PNP Explosives and Ordnance Group.


Wala namang naitalang nasaktan sa insidente.

Inutos din ng hepe na makipag-ugnayan sa mga opisyal ng unibersidad para pag-usapan ang mga gagawing hakbang upang matiyak ang seguridad sa lugar at hindi na maulit muli ang insidente ng pagsabog.

"Wala mang masyadong aktibidad ng mga estudyante at mga guro sa loob ng campus dahil sa pandemya, kailangang alerto pa rin ang ating kapulisan laban sa mga ganitong uri ng pag-atake," dagdag aniya.

Nanawagan din si Chief PNP sa mga nakakaalam ng impormasyon na maaaring magturo sa mga suspek na tulungan ang mga awtoridad sa pag-iimbestiga ng naturang insidente.

# PNP: P6-M marijuana, nasabat sa Benguet checkpoint; 3 suspek, arestado




**Aabot sa P6-milyon halaga ng marijuana ang nasabat sa checkpoint sa Kapangan, Benguet noong Oktubre 3, 2021.**

Huli din ang tatlong supek na kinilalang sina Marry Ann Felipe Del Rosario, Simiano Tadina Patingan, at Jun Comot Colera.

Ayon sa report, pinara ng tauhan ng Kapangan Municipal Police Station ang isang Mitsubishi Montero sa checkpoint sa Barangay Lomon at nang inspeksyunin ang sasakyan, nakita ng mga pulis ang marijuana sa loob ng sasakyan.

Nakita rin na may nakasukbit na baril sa tagiliran ng isang suspek.

Bukod sa marijuana, nakumpiska rin ng mga pulis ang isang caliber .45 pistol na may magasin na naglalaman ng pitong (7) bala.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang si Colera ay may karagdagang kaso sa paglabag sa Republic Act 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

# PNP, tumanggap ng P38-M disaster response equipment mula sa Japan




**Nasa Php38.9-milyon halaga ng disaster response equipment ang tinanggap ng Philippine National Police (PNP) mula sa pamahalaan ng Japan.**

Personal na tinanggap ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, kasama si DILG Undersecretary Bernardo Florece Jr., ang donasyon mula kay Ambassador Kazuhiko Koshikawa, Ambassador of Japan to the Philippines, noong Oktubre 4, 2021 sa Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.

Ang donasyon na nagkakahalaga ng Php38,944,564.98 ay kinabibilangan ng tatlong (3) Rescue Vehicle, Water Purifier, Portable Movable Toilet, Collapsible Tent, Lighting Apparatus, Life Boat, Personal Rescue Equipment, and Search Sound Detector na gagamitin para sa Search and Rescue Operations.

"I would like to express our sincerest gratitude to the Government of Japan for their continuing support to the Philippine police force. We are very grateful for the outpouring of support to our personnel to effectively and timely give response during natural calamities and disaster," pahayag ni PGen Eleazar.

Ang naturang donasyon ay bahagi ng Non-Project Grant Aid for the Provision of Japanese Disaster Reduction Equipment ng bansang Japan.

# MOA ng PNP-PDEA para sa joint investigation ng anti-illegal drugs ops, welcome sa PNP




**Bukas ang Philippine National Police (PNP) sa inisyatibo ng Department of Justice (DOJ) sa paggawa ng ng isang Memorandum of Agreement (MOA) sa joint investigation ng PNP at National Bureau of Investigation (NBI) sa mga nasawi na may kaugnayan sa iligal na droga.**

Ayon kay PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo Eleazar, mas mapapagtibay ng nasabing MOA ang koordinasyon at information-sharing sa pagitan ng PNP at NBI sa paghahanap ng katotohanan sa mga alegasyon ng paglabag sa human rights sa mga isinasagawang anti-illegal drugs operations.

"This is another milestone in our efforts to strengthen transparency and accountability in the police organization which are both important in our goal of upholding the integrity of the Philippine National Police," pahayag ng hepe.

Tutulong ang DOJ sa paggawa ng MOA hinggil sa joint investigation ng PNP at NBI, ayon kay Secretary of Justice Menardo Guevarra.

Dagdag pa ni Guevarra, tutulong din ang Commission on Human Rights kung kinakailangan, lalo na sa pakikipag-ugnayan sa mga pamilya ng biktima at mga witness.

Nasa 52 drug-related killings na ang na-review ng DOJ mula sa drug war documents at nai-turnover na sa PNP.

Inirekomenda ng ahensya na magsagawa ng karagdagang imbestigasyon at case build-up ang PNP at NBI upang matukoy ang posibleng iligal pagkasangkot ng 153 pulis sa anti-illegal drugs operations.

"Makakaasa ang DOJ at ang ating mga kababayan na walang takipan na mangyayari sa imbestigasyon ng mga kasong ito dahil sa unang araw pa lang ng aking pag-upo bilang Chief PNP ay pinaninindigan na natin na ang mali ay hindi dapat kinukunsinti at sa halip ay agad na itinatama dahil ang dignidad at integridad ng PNP ang nakataya dito," giit ni PNP Chief Eleazar.

# 117 bagong opisyal ng PNP, nanumpa sa katungkulan



**Nanumpa sa katungkulan ang 117 bagong opisyal ng PNP na kabilang sa 2021 Lateral Entry program upang punan ang kakulangan sa Technical Service Officers ng hanay.**

Apat (4) na abugado, tatlong (3) medico-legal officer, isang (1) chaplain, at dalawang (2) medical doctor ang nanumpa bilang Police Captain na may basic monthly salary na P56,582 at allowances.

Gayundin, nanumpa ang 107 dentists, psychologists, nurses, social workers, pharmacists, nutritionists, engineers, chemists, forensic criminologists, at IT officers para naman sa ranggong Police Lieutenant na may P49,528 basic monthly salary, iba pang allowances, at mga benepisyo.

"The PNP has gained another batch of professionals and competent police officers as added strength to the workforce of the PNP that will complement to the growing demands of public safety especially in the midst of this ongoing global pandemic", PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar said in his speech as he administered the oath of office and donning of ranks of the 117 new commissioned officers.

"This is the time that you should prove your worth. At ako'y naniniwala na lahat kayo ay kwalipikado na maging opisyal ng Philippine National Police", pahayag ni PNP Chief, Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa kanyang mensahe.

Ang mga bagong police commissioned officer ay madedeploy sa Regional Offices at National Support Units.

Samantala, pagkatapos ang panunumpa, pormal na itinurn-over ang mga bagong opisyal sa Directorate for Human Resource and Doctrine Development (DHRDD) upang sumailalim sa Officers Basic Course at Field Training Program bago ideploy sa kani-kanilang mga assignment.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Sama-sama nating puksain ang iligal na droga

Tuloy-tuloy ang agresibong kampanya ng pambansang pulisya upang labanan ang iligal na droga sa bansa. Sa kabila ng pandemyang ating nararanasan sa ngayon, hindi tayo humihinto sa paghuli sa mga taong sangkot sa paggamit at pagbebenta ng iligal na droga. Patunay dito ang kaliwa't kanang operasyon ng ating mga operatiba na nagresulta sa pagkakahuli ng bulto-bultong iligal na droga at pagkakakulong ng mga taong sangkot dito.

Sa loob ng linggong ito, marami tayong matatagumpay na operasyon kontra iligal na droga. Kabilang dito ang pagkakahuli sa tatlong (3) drug suspects na sangkot sa mahigit anim (6) na milyong halaga ng marijuana na ipupuslit sana nila sa isinagawang operasyon sa Benguet.

Kung hindi sa masusing pagbabantay at pagiging alerto ng ating kapulisan ng Kapangan Municipal Police Station, Benguet Provincial Police Office, sa inilatag na checkpoint, marahil ay nakalusot na naman itong mga suspek na ito at naidala itong marijuana sa plano nilang pagdalhan. Kaugnay nito, pinaiimbestigahan ko na ang pangyayari para matukoy kung sinong grupo ang nasa likod nito at kung saan nagmula ang mga nakumpiskang droga.

Maliban dito, matagumpay din ang magkakahiwalay na operasyong isinagawa ng ating mga kasamahang pulis mula sa Manila Police District na nagresulta sa pagkakakumpiska sa kulang-kulang na anim (6) na milyong halaga ng shabu sa Maynila. Dahil sa mas pinaigting na pagmamatyag ng kapulisan at pakikipagtulungan ng mamamayan ay natukoy ang mga suspek. Makakaasa ang publiko na magpapatuloy ang kapulisan sa ganitong mga operasyon upang tuluyang matigil ang bentahan at paggamit ng iligal na droga sa mga komunidad.

Samantala, upang mas mapabuti pa natin ang ating pagseserbisyo, sinusuportahan natin ang inisyatibo ng Department of Justice sa paglalatag na kasunduan para sa joint investigation ng ating ahensya at ng National Bureau of Investigation sa mga nasawi o napatay sa kabila ng kampanya laban sa iligal na droga. Ang hakbangin ito ay lalong magpapaigting sa koordinasyon at information-sharing ng PNP at NBI para sa mga aligasyon sa human rights violations sa pagsasagawa ng illegal drugs operations. Mapapabilis din nito ang imbestigasyon at pagbibigay ng tamang resolusyon sa mga kasong dinidinig hinggil dito.

Makakaasa ang DOJ at ang ating mga kababayan na walang takipan na mangyayari sa imbestigasyon ng mga kasong ito dahil sa unang araw pa lang ng aking pag-upo bilang Chief, PNP ay pinaninindigan na natin na ang mali ay hindi dapat kinukunsinti at sa halip ay agad na itinatama dahil ang dignidad at integridad ng PNP ang nakataya dito.

# EDITORYAL

## BARANGAYanihan, sagot sa mga bagong hamon ng Eleksyon 2022

Kasabay ng mainit na usapan sa national election sa susunod na taon, pinaigting naman ng pambansang pulisya ang paghahanda upang matiyak ang malinis at maayos na halalan sa ating bansa.

Sa pagdaraos ng eleksyon sa gitna ng krisis sa kalusugan kung saan malawakan ang paggamit sa makabagong teknolohiya, maraming mga bagong hamon at tila mas malaking mga pagsubok ang kinakailangang balikatin ng pambansang pulisya.


Bukod sa pagsiguro ng kaligtasan ng mga kandidato at ng ating mga botante at magbantay upang maiwasan at malutas ang mga election related incident, pinaghahandaan ng pambansang pulisya ngayon ang mga posibleng serye ng pagbili ng boto sa pamamagitan ng mga online payment platform. Bukod dito, siguradong maglilipana na naman ang mga extortion activity ng Communist Terrorist Group sa mga kakandidato ngayong eleksyon. Hindi rin ipinagpawalang-bahala ang malawakang paggamit ng mga social media networking site hindi lamang upang iendorso ang mga kandidato kundi pwede rin itong gamitin upang siraan ang kani-kanilang mga kalaban sa eleksyon.

Sa mga nabanggit na hamon, maigting na ang paghahanda ng pambansang pulisya sa election 2022 security plan nito na may layuning bantayan simula filing ng Certificate of Candidacies, panahon ng kampanya, aktuwal na botohan, hanggang sa proklamasyon ng mga nanalong kandidato.

Sa mga hamon ukol sa paggamit ng makabagong teknolohiya upang makapandaya sa nalalapit na eleksiyon, nakikipagtulungan na ang mga National Coalition of Information Technology Advocacte for Change (NCITAC), isa sa mga grupong nakapaloob sa Lingkod Bayan Advocacy Support Group and Force Multipliers at binubuo ng mga IT expert upang makabuo ng mga posibleng pamamaraan upang mamonitor, maiwasan, at masolusyunan ang mga panibagong hamong ito.

Tuloy tuloy rin ang suporta ng mga force multiplier na nagbibigay ng kanilang mahalagang oras upang palakasin pa ang pwersa ng PNP sa mahigpit nitong pagbabantay sa anumang kaganapang may kinalaman man sa eleksyon o hindi.

Kasabay ng paghahanda sa eleksyon, muling hiningi ng PNP ang suporta at kooperasyon ng mamamayang Pilipino upang magkaroon ng payapa at malinis na eleksyon. Ang BARANGAYanihan ng pambansang pulisya at mga Pilipino ang siguradong sagot upang masiguro nating hindi malabag ang pangunahing karapatan ng bawat Pilipino na iluklok sa pwesto ang mga lider na kanilang pinili.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Bilang ng Namatay sa COVID-19 sa PNP Umabot na sa 119

Umabot na sa isang daan at labing-siyam (119) na katao ang namatay sa COVID-19 sa panig ng Philippine National Police ayon sa opisyal na ulat ng PNP Health Service na may petsang Oktubre 4, 2021.

Sa regular na pagpupulong ng Joint Task Force COVID Shield Critique Session ay muling binigyang-diin ni PCol Jezebel Medina, Deputy Director for Operation, PNP Health Service, nakalulungkot anya pero may mga naidadagdag pa rin na nasasawi sa panig ng ating mga pulis. Kaya naman, sa kabuuang bilang ay umabot na sa 40,245 katao ang tinamaan ng COVID-19 sa Pambansang Pulisya, pero ang magandang balita ay nasa 38,206 katao ang naka-rekober na. Ibig sabihin ay nasa 1,920 na lamang ang mga aktibong kaso na kung saan sila ay patuloy na nagpapagaling sa iba't-ibang mga Quarantine Health Facilities sa buong bansa.

Sa mga miyembro naman ng ating Pambansang Pulisya na nabakunahan o fully vaccinated ay umabot na sa 118,197 katao o nasa 53% na ang tumanggap ng vaccine. Sa mga tumanggap naman ng 1st dose ay umabot na sa 91,817 katao o nasa 41% na; habang nasa 12,687 katao naman ang hindi pa nakatatanggap ng bakuna o nasa 6% na lamang. Ang nasabing bilang ay mula naman sa opisyal na talaan ng PNP CODA na may 222,701 total strength ng ating mga PNP Uniformed and Non-Uniformed Personnel sa buong bansa.

Umaasa naman si PNP Deputy Chief PNP for Operations (TDCO) at JTF CV Shield Commander, PLtGen Israel Ephraim Dickson, na sa darating na mga araw ay tuluyan ng makatatanggap ng bakuna ang ating mga pulis sa iba't-ibang bahagi ng bansa.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL EDUARDO C. ABADAY**
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## "Anumang Kahilingan, Kaya Itong Ibigay ng Panginoon"

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Nawa ay nasa mabuti po kayong kalagayan habang binabasa ninyo ang aking kolum. Kagalakan ko ang magbahagi sa inyo ng "Banal na Kasulatan" na nagbibigay sa atin ng gabay upang magbigay sa atin ng kalakasan lalo na sa panahong ito ng pandemya. Atin pong pagbulay-bulayin ang "Salita ng Diyos" sa "Lumang Tipan" ang buhay ni Naaman.

Sa Siria ay may isang pinuno ng hukbo na nagngangalang Naaman. Mataas ang pagtingin sa kanya ng hari sapagkat sa pamamagitan niya'y pinapagtatagumpay ni Yahweh ang Siria sa mga labanan. Si Naaman ay isang magiting na mandirigma ngunit siya'y may sakit na ketong. Minsan, ang mga taga-Siria ay nakabihag ng isang dalagitang Israelita. Naging katulong ang dalagitang ito ng asawa ni Naaman. Sinabi nito sa kanyang panginoon, "Kung ang asawa ninyo ay lalapit sa propeta na nasa Samaria, tiyak na pagagalingin siya." Nang marinig ito ni Naaman, pumunta siya sa hari at ibinalita ang sinabi ng dalagitang Israelita. 2 Mga Hari 5:1-4 (MBB)

Ayon sa 2 Mga Hari 5:1-4, Si Naaman ay isang pinuno na mataas ang pagtingin sa kanya ng Hari ng Siria at pinagtatagumpay ng Panginoong Diyos sa lahat ng kanyang labanan. Ngunit sa kabila ng kanyang tagumpay sa buhay ay mayroon siyang sakit na ketong. Marahil kung ikaw at ako ay nasa kanyang sitwasyon ay mag-iisip ka rin ng paraan kung paano gagaling sa karamdaman.

"Pumunta nga si Naaman na may dalang 350 kilong pilak, anim (6) na libong pirasong ginto at sampung (1) magagarang kasuotan. Dala rin niya ang sulat para sa hari ng Israel. Ganito ang sabi sa sulat: "Mahal na hari, ang may dala nito'y si Naaman na aking lingkod. Nais ko sanang pagalingin mo siya sa kanyang ketong." Nang mabasa ito ng hari ng Israel, pinunit niya ang kanyang damit at sinabi, "Ako ba'y Diyos na maaaring pumatay at bumuhay? Bakit sa akin niya pinapunta ang taong ito para pagalingin sa kanyang sakit? Baka naman humahanap lang siya ng dahilan para magdigmaan kami?" 2 Mga Hari 5:5-7 (MBB)

Sa pagnanais ni Naaman na siya ay gumaling ay pumunta siya sa hari ng Israel. Ngunit nainsulto ang Hari ng Israel. Ngunit nabalitaan ito ni Propeta Eliseo. Kaya`t inutusan ang alipin ni Naaman na gawin ang kanyang ipinag-uutos upang maranasan ang kanyang kagalingan.

"Ipinasabi sa kanya ni Eliseo: "Pumunta ka sa Ilog Jordan. Lumubog ka ng pitong beses at magbabalik sa dati ang iyong katawan. Gagaling ang iyong ketong." 2 Mga Hari 5:10 (MBB)

Alalahanin natin mga kasama, anuman ang kahilingan natin sa buhay. Kung ito ay kalooban ng Diyos para sa atin. Ito ay magkakaroon ng katuparan.

"Kaya pumunta rin si Naaman sa Ilog Jordan, at naglublob ng pitong beses gaya ng ipinagbibilin ng propetang si Eliseo. Nagbalik ng sa dati ang kanyang laman at kuminis ang kanyang balat, tulad ng kutis ng bata." 2 Mga Hari 5:14 (MBB)

Si Naaman ay gumaling sa kanyang karamdaman at higit pa ang ginawa sa kanya ng Panginoong Diyos.

Ito ay dahil sa kanyang pagsunod sa iniutos ni Propeta Eliseo. Ang propeta ay lingkod ng Panginoong Diyos na nakakarinig at nakakatanggap ng mensahe mula sa Diyos. At ang mensahe ay kanyang inihahayag sa mga tao, maaaring ito ay sa mga hari, pinuno o sa indibidwal na tao upang magbigay ng babala o pagtugon sa kanyang panalangin.

Lahat ng bagay ay kayang-kayang gawin ng Diyos

Ano ba ang iyong kahilingan sa Panginoong Diyos?

Manampalataya tayo sa Kanya

"Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita." Hebreo 11:1 (MBB)

"Tiningnan sila ni Jesus at sinabi, "Imposible ito sa tao; pero sa Diyos, ang lahat ay posible." Mateo 19:26 (MBB)

Kung sa tingin mo na wala ng solusyon sa iyong problema. At wala ka ng malalapitan dahil sa iyong suliranin. May pag-asa pa! Katulad ni Naaman na may sakit na ketong. Ang kanyang nais ay dininig ng Diyos at siya ay gumaling.


Kaya kang pagalingin ng Panginoon sa iyong karamdamang pisikal, spirituwal at pinansiyal.

Tayo po ay manalangin!

O Diyos aming Panginoon. Maraming salamat po sa iyong patuloy na paggabay at pag-iingat sa amin. Sa panahong ito ng pandemya ay marami kaming mga kababayan ang naghihikahos at may karamdaman. Dalangin namin na pagalingin Mo sila sa kanilang karamdaman. Pagpalain Mo ang lahat ng pinagpapagalan ng aming mga kamay. Ang "Salita" Mo O, Diyos ay maunawaan namin at patuloy maging sandigan ng aming buhay upang harapin namin ang mga pagsubok at hamon ng buhay.

Patnubayan Mo ang lahat ng kaanib ng Pambansang Pulisya sa pangunguna ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar. Nawa ay magampanan namin ang aming tungkulin bilang "Alagad ng Batas". Ingatan Mo po ang mga Frontliners sa kanilang paglilingkod. Nawa ay magwagi ang aming laban sa COVID-19.

Ito po ang aming dalangin sa pamamagitan ng Iyong Makapangyarihang Pangalan. Amen!




## Top 1 Most Wanted sa Parañaque, arestado

**Nadakip ng pinagsanib na operasyon ng pulisya ang Top 1 Most Wanted Person ng Parañaque CPS, Southern Police District noong Oktubre 3, 2021 sa Presidents Avenue corner Gil Puyat, Brgy. BF Homes, Parañaque City, sa ilalim ni PCol Maximo Sebastian Jr, Chief of Police.**

Pinapurihan ni PMGen Vicente D Danao Jr ang nagsanib na mga operatiba ng Police Sub-Station 5, Station Intelligence Unit, at Station Investigation Unit, sa pangunguna nina PMaj Tirso Tungcul Pascual, PMaj Brent Ian Salazar, at PMaj Philander Alunday sa kanilang tagumpay na paglalatag ng warrant of arrest sa akusado na kinilalang si Reynante Barbosa y Baldemor, 35 taong gulang.

Ang akusado ay may nakabinbing warrant of arrest sa kasong murder na may Criminal Case No. 2020-1352 na inilabas ni Hon. Rolando G. How, Presiding Judge, Regional Trial Court Branch 257, Parañaque City noong Mayo 14, 2021 at walang rekomendang piyansa.

Ang nasabing akusado ay binasahan ng kanyang karapatang konstitusyunal habang inaaresto at maayos na dinala sa Warrant at Subpoena Section ng PS–3, Parañaque City para sa wastong dokumentasyon at disposisyon ng kaso.

"Ako ay nagpapasalamat sa patuloy na pagsisikap ng ating kapulisan sa Metro upang mahuli ang mga taong may warrant of arrest. Kahit pandemya, ang ating kampanya laban sa kriminalidad ay hindi hihinto," sabi ni PMGen Danao Jr. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*



# Command Visit ni PNP Chief sa PRO6
















**Naging makabuluhan ang 3-araw na Command Visit ni PNP Chief Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa Police Regional Office 6 mula Oktubre 6 hanggang 8, 2021.**

Pinangunahan ni PNP Chief Eleazar ang pagdiriwang ng 120th Police Service Anniversary ng PRO6 sa

Fort San Pedro, Iloilo City.

Tampok sa pagdiriwang ang pagbibigay ng parangal sa mga natatanging PNP personnel at units. Dumalo rin ang hepe sa blessing ng mga bagong kagamitan at pagprisinta ng nakumpiskang mga armas sa Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operations (SACLEO) sa rehiyon.

Umikot din ang hepe sa iba't ibang istasyon sa rehiyon, kabilang ang Iloilo City Police Station 5, Roxas Component City Police Station, Talisay Component City Police Station, at Kalibo Municipal Police Station upang tingnan ang implementasyon ng Intensified Cleanliness Policy na pinaiiral ng PNP.

Nagsagawa rin siya ng Command Visit si PNP Chief Eleazar sa Iloilo City Police Office, Capiz Police Provincial Office, Negros Occidental Police Provincial Office, at Aklan Police Provincial Office kung saan binigyang-pagkilala at parangal ang mga kapulisan na nagpakita ng galing at dedikasyon sa serbisyo.

Binisita naman ni PGen Eleazar si Jaro Archbishop Jose Romeo O. Lazo at Diocesan Administrator ng Archdiocese of Capiz na si Monsignor Cyril B. Villareal para magbigay galang at humingi ng dasal at bendisyon.

Gayundin, nagpunta ang hepe sa St. Vincent Ferrer Seminary para dalawin si Archbishop Emeritus Angel Lagdameo.

Samantala, nakipagpupulong ang hepe kasama ang kanyang maybahay na si Mrs. Rosalie "Lally"Eleazar sa mga miyembro ng Soroptimist International sa Kalibo, Aklan sa pangunguna ni SIAPR Governor Billie V. Calizo-Quimpo.

Nagtapos ang Command Visit ni PNP Chief Eleazar sa isa pang pagpupulong kasama ang mga opisyales ng Aklan kabilang sina Governor Florencio Miraflores at Vice Governor Reynaldo Quimpo. Tinalakay sa naturang pagpupulong ang mga hakbang upang mapabuti pa ang pagtutulungan ng pulisya at ng lokal na pamahalaan para sa isang ligtas at maunlad na Aklan.





# 120th Police Anniversary ng PRO12, ipinagdiwang



**Makulay ang naging pagdiriwang ng Police Regional Office 12 sa ika-120th Police Anniversary na pinangunahan ni Regional Director, PBGen Michael John F Dubria kasama si Hon. Ferdinand L Hernandez, Deputy Speaker, 2nd District Representative, South Cotabato Province, bilang Guest of Honor and Speaker na isinagawa sa pamamagitan ng live simulcast mula sa Regional Headquarters at sa lahat ng mga police offices sa buong rehiyon noong ika-6 ng Oktubre 2021.**

Dito ay muling ginawaran ang mga deserving PNP personnel, yunit, at ibang mga stakeholders na may natatanging paggawa na patuloy at walang sawang tumutulong sa lahat ng mga programang isinusulong ng PRO12.

Kabilang sa mga indibidwal na tumanggap ng pagkilala at parangal bilang Best Senior Police Commissioned Officer for Administration si PCol Gilberto B Tuzon, Best Senior Police Commissioned Officer for Operations si PColjemuel F Siason, Best Junior Police Commissioned Officer for Administration si PCpt Celso W Murillo Jr, Best Junior Police Commissioned Officer for Operations si PMaj Bernard A Francia Jr, Best Senior Police Non-Commissioned Officer for Administration si PSMS Princess Iris Joy B Pagulong, Best Senior Police Non-Commissioned Officer for Operations si PMSg Jonel F Defino, Best Junior Police Non-Commissioned Officer for Administration si PSSg John Cliffton S Ermitano, at Best Junior Police Non-Commissioned Officer for Operations naman si PCpl Zeril Huddah E Tocao.

Gayundin ang Sarangani Police Provincial Office bilang Best Police Provincial Office; General Santos City Police Office bilang Best City Police Office; Tacurong City Police Station bilang Best Component City Police Station; Police Station 4, GSCPO bilang Best City Police Station; Isulan Municipal Police Station bilang Best Municipal Police Station; Regional Mobile Force Battalion bilang Best Regional Mobile Force Battalion; 1st Company, SKPMFC bilang Best Provincial Mobile Force Company; General Santos City Mobile Force Company bilang Best City Mobile Force Company; 4th SAB, Special Action Force bilang Best Regional Operational Support Unit; Regional Medical and Dental Unit bilang Best Regional Administrative Support Unit; at South Cotabato Police Provincial Office bilang Special Unit Awardee.

Nakatanggap din ng Special Award si PCol Techie M Lebanan, Acting Chief, Regional Medical and Dental Unit 12 at PMaj Jo Anne B Torrefranca, Chief Nurse, Regional Medical and Dental Unit 12 para sa Special Individual Awards for COVID-19.

Naging national awardees naman sina PLtCol Hoover T Antonio bilang Best Junior Police Commissioned Officer for Operations; PCpl Gary B De Guzman bilang Best Junior Police Non-Commissioned Officer for Operations; at PLt Gladys Q Banzuelo na tumanggap ng Special Individual Awards.

Patuloy ang pamunuan ng PRO12 sa pamumuno ni PBGen Michael John F Dubria sa pagkakaroon at pagsasagawa ng ibat' ibang programa para sa mas maunlad, ligtas, at tahimik na Rehiyon Dose. Tunay ngang sa PRO12, they are more than their badge!



# BARANGAYanihan, umarangkada sa PRO 9

**Umarangkada ang pagsasagawa ng BARANGAYanihan sa pamunuan ng Police Regional Office 9, sa pangunguna ni Regional Director, PBGen Ronaldo Genaro E Ylagan sa buong rehiyon noong ika-7 ng Oktubre, 2021, kung saan kanilang sinusuyod ang mga liblib na lugar upang maghatid ng tulong sa kanilang mga kababayan.**

**Kasama sa nasabing aktibidad ang kanyang butihing maybahay nito na si Mrs. Mae Anne Ylagan, Adviser, PRO9 OLC; Father Arnold M Abellardo, Director, Ako ang Saklay, Inc.; at Speaker IATF Nueva Ecija na pinangunahan ang pamamahagi ng 200 food packs sa mga residente ng Barangay Kaumpurnah, Isabela City, Basilan na kanila namang lubos na ipinagpasalamat.**


**Ang nasabing aktibidad ay sa ilalim ng BARANGAYanihan Help and Food Bank na programa ng PNP Kung saan layuning matulungan ang mga bawat komunidad sa oras ng sakuna lalo na ngayong panahon ng pandemya.**















# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## PNP, Tagapangalaga ng Kaayusan at Kapayapaan!

Ang mga alagad ng batas ay tagapangalaga nang kaayusan at kapayapaan ng lipunan, tagapagtanggol ng mamamayan laban sa mga manliligalig, protektor ng mahihina at mga walang lakas sa lipunan. Ang inyong pulisya ang tumutugis sa mga kriminal at mga terorista na naghahasik nang takot at pangamba sa mamamayan. Ang bawat kasapi ng inyong Pambansang Pulisya ay nakalaang mag-alay ng sarili upang tuparin ang kanilang sinumpaang tungkulin.

Kung ang inyong PNP ay tagapagtaguyod ng batas, kaayusan ng lipunan at mga demokratikong karapatan ng mamamayan, mayroon namang mga nilalang na ang tanging layunin ay maghasik nang takot at karahasan sa ating bansa. Dahil sa pinag-ibayong kampanya ng pamahalaan laban sa mga teroristang NPA at bunsod nang pagkasuklam na ipinapamalas ng taumbayan laban sa kanilang mga kontra-mamayang aktibidad; nagsasagawa na naman sila nang pananambang laban sa mga alagad ng batas.

Noong September 28, 2020, araw ng Lunes, alas 11:30 ng umaga, limang kasapi ng PNP 403rd B MC ang tinambangan ng mga NPA sa Mabaho Road, Brgy Cabalwa, Mansalay, Oriental Mindoro. Sakay ng kanilang patrol vehicle at kakatapos lamang nang kanilang pagpapatrulya, pinaulanan ng bala ng mga manliligalig ang kanilang sasakyan. Nasorpresa man, agad na nakipagpalitan nang putukan ang mga alagad ng batas na mabilis na nakapag-execute ng tactical maneuver upang makaalpas sa killing zone ng mga terorista.


Sinunog din ng mga NPA ang sasakyan ng PNP na pinagkagastusan ng buwis mula sa mamamayang Pilipino.

Agad na umatras at tumakas ang mga bandido nang dumating ang reinforcement troops ng pamahalaan mula sa PNP at 203rd Brigade ng 2nd Infantry Division, Philippine Army.

Nasugatan sa ambush sina PCpl Vincent Dominguez, PCpl Michael Librea at Pat Norman Alvaro na agad na isinugod sa pagamutan.

Sa kaparehong araw, nagsagawa din nang pataksil na pag-atake ang mga NPA sa lalawigan ng Albay. Dalawang pulis ang tinambangan sa Barangay Cawayan sa bayan ng Manito. Papunta na sa kanilang duty sa Quarantine Checkpoint ang mga pulis nang sila ay tambangan. Nasugatan sa insidente sina PSSgt Roger Dajac at PSSgt Melchor Buban na agad ding nadala sa ospital. Mabilis ding tumakas ang mga nanambang.

Sa ating mga kapatid na pulis na nasugatan dahil sa pagtatanggol para sa ating kapayapaan at Demokrasya, saludo po kami sa inyong katatagan at dedikasyon ss tungkulin!




# Most Wanted Persons, timbog sa manhunt operation

**Sa gitna ng kinakaharap na krisis sa pandemya, ang Team NCRPO, sa pamamahala ni PMGen Vicente D. Danao, Jr., ay mas lalong pinaigting ang kanilang kampayang "Oplan Pagtugis" laban sa mga wanted na taong nagtatago sa paligid ng Metro.**

Dahil sa ginawang mga operasyon noong Oktubre 4, 2021 sa Makati, Valenzuela, at Pasay City, naaresto ang Top 6, 10, at 15 na Most Wanted.

Ang unang manhunt operation ay isinagawa ng District Anti-Carnapping Unit (DACU), District Traffic Unit (DTU), at District Intelligence Division (DID), Southern Police District matapos ang serye ng surveillance na nagresulta sa pagkakahuli ng Top 15 Most Wanted Person ng Pasay CPS para sa 4th Quarter CY 2021.

Ang akusado ay kinilalang si John Matthew Macaclang y Oncio, 23 taong gulang, walang asawa at trabaho, at residente sa 1920 Leveriza St, Zone 3 Barangay 34, Pasay City.

Si Macaclang ay naaresto noong Oktubre 4, 2021 sa Leveriza Street, Pasay City sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimeng attempted murder na inilabas ni Hon. Petronilo A. Sulla Jr., Presiding Judge ng RTC Br. 110 of Pasay City na may nirekomendang piyansa na Php120,000.

Ang mga operatiba ng Warrant at Subpoena Section, Valenzuela CPS sa pangunguna ni PLt Robin D Santos, kasama ang apat (4) na iba pa sa superbisyon ni PCol Ramchrisen Haveria, Chief of Police, ang naglatag ng Warrant of Arrest sa Top 10 Most Wanted Person ng Syudad noon ding Oktubre 4 sa Mac-Arthur High-way, Karuhatan, Valenzuela City.

Ang akusado ay kinilalang si Akira Dedase Fulgado @ Akira Rio Dedase y Furi, 20, lalaki, walang asawa at nakatira sa Arkong Bato, Valenzuela City. Siya ay may nakabinbing Warrant of Arrest na inilabas ng RTC Br. 283, Valenzuela City para sa krimeng rape.

Ang isa pang Top Most Wanted Person ay naaresto din ng mga operatiba ng Warrant at Subpoena Unit ng Makati Police Station kasama ang mga tauhan ng CFU, Station Intelligence Section sa superbisyon ni PCol Harold Depositar, Hepe ng Makati CPS.


Ang akusado na kinilalang si Ryan Michael F Diaz ay naaresto sa Ayala Ave. corner Buendia, Barangay San Antonio, Makati City sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimeng rape na inilabas ng Regional Trial Court Branch 236, Makati City. Siya ay tinagurian din bilang Top 6 Most Wanted Person ng Makati.

Ang lahat ng akusado ay kasalukuyang nasa kustodiya ng mga operating unit, habang hinihintay ang pagbalik ng kanilang warrant of arrest sa korteng pinagmulan.

Pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang iba't-ibang unit sa kanilang tuloy-tuloy na pagsisikap sa pagpapatupad ng batas. "Inaasahan ko na hindi magbabago ang dedikasyon ng bawat isa sa ating kapulisan sa Metro Manila, bente kwatro oras na operasyon laban sa kriminalidad, terorismo at mga wanted sa batas. Sama-sama sa pagpapatupad ng serbisyong TAMA: TApat may tapang at MAlasakit sa sambayanang Pilipino," sabi nito. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 2 Wanted sa Pasay, arestado




Sa gitna ng maigting na kampanya ng NCRPO laban sa lahat ng uri ng krimen, terorismo, at iligal na droga, pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao Jr ang matagumpay na manhunt operation ng operatiba ng PS1, Pasay City Police Station sa ilalim ni PCol Cesar G. Paday-os, Chief of Police, na nagresulta sa pagkakaaresto sa kanilang Top 9 Most Wanted Person sa FB Harrison St., Brgy. 70, Pasay City noong Oktubre 2, 2021.


Ang akusado ay kinilalang si Lance Allan Pamintuan y Noble. Siya ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ng RTC Br. 119, Pasay City dahil sa paglabag sa Sec. 3, RA10883 (New Anti-Carnapping Act of 2016).


Noong Oktubre 3, 2021, isa pang Most Wanted Person ng Pasay CPS ang inaresto ng operatiba ng Pasay CPS operatives sa Arnaiz Avenue, Brgy. 59, Zone 7, Pasay City. Ang suspek ay kinilalang si Jomar Padilla Y Teresita @ Robin/ Idol, ang 13th Top Most Wanted Person ng 4th Quarter 2021.

Siya ay naaresto ng mga tauhan ng Pasay CPS na pinangunahan ni PLt Joebert V. Garcia sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Presiding Judge Hon. Bonifacio S. Pascua ng RTC, Branch 113, Pasay City sa ilalim ng Criminal Case Number R-PSY-19-04625-CR para sa krimeng rape.

"Ang sunud-sunod na pagkakadakip sa mga Most Wanted Person na nagtatago sa ating nasasakupan ay nagpapatunay na sa kabila ng krisis sa pandemya, nagpapatuloy ang ating kapulisan sa pagpapaigting ng kampanya na nakatuon sa paghahanap at paghuli sa mga wanted na ito," sabi ni PMGen Danao, Jr. (NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)

# Foreign National na Top 1 Most Wanted sa Korea, arestado




**Dating Police Major sa Korea National Police Agency na Top 1 Most wanted nahuli sa Naga City noong Oktubre 4, 2021.**

Bandang 5:20 ng hapon sa Magsaysay Road, Naga City, nadakip ng mga operatiba ang Top 1 Most Wanted sa Korea sa pinagsamang puwersa ng Bureau of Immigration sa pangunguna ni Rendel Ryan D Sy, Chief, Fugitive Search Unit at Police Station 6 sa pamumuno ni PMaj Alex T Sumayao, Station Commander kasama ang CUI, CMFC, 501st RMFB, 93CIP 9ID PA, 2nd PMCF, sa suberbisyon ni PCol Marlon M Catan, City Director.

Nakilala ang suspek na si Park Junhoong, 49 taong gulang, may asawa, walang trabaho, at residente ng Ceresa Compound, Dayangdang, Naga City. Siya ay apat na taon ng nagtatago.

Si Park ay akusado ng pangungulimbat ng 100 million US dollars sa Call Center Fraud sa bansang China, Vietnam, at Pilipinas ng ito'y magpakilalang Loan Officer ng isang Financial Institution.

Arestado ang suspek sa bisa ng Warrant of Deportation na may No. JHM/ BOC-2019-2016 sa kasong Two (2) Standing Arrest Warrant for Fraud na inisyu ni Senior Consul Lee Jinsoo ng Embassy ng Republic of Korea sa Manila na may petsang July 1, 2019.

Kasamang nahuli ni Park si Kil Jae Beak, 51 taong gulang, may asawa, walang trabaho, at residente ng Las Pinas City dahil sa overstaying dito sa Pilipinas.

Ang mga suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya ng Police Station 6, Naga upang sumailalim sa kaukulang dokumentasyon.

# Wanted na suspek, boluntaryong sumuko

**Boluntaryong sumuko ang isang suspek na wanted sa kasong Less Serious Physical Injury sa San Joaquin, Iloilo.**

Sumuko sa San Joaquin Municipal Police Station ang suspek na si Edison Diosana Montibon, 37 taong gulang, at residente ng Barangay Manhara, San Joaquin, Iloilo.

Si Montibon ay may nakabinbing kaso na inisyu ni Hon. Nelson J Bartolome, Assisting Judge, RTC 6th Judicial Region, Branch 67 ng Guimbal, Iloilo noong Nobyembre 5, 2012.

Kasalukuyang nakaditine sa San Joaquin Municipal Police Station bago iturn-over sa kaukulang korte para sa tamang disposisyon.

# 2 karnaper, arestado ng pulis-Mabalacat





**Sa pakikipag-ugnayan ng kapulisan sa komunidad ay mabilis na naaresto ng mga tauhan ng Mabalacat MPS ang dalawang carnapper sa loob ng Clark Freeport Zone, Mabalacat City, Pampanga noong ika-5 ng Oktubre.**

Ayon sa ulat, kinilala ang mga suspek na sina Joel Maniego y David, 42 taong gulang, at si Angelica Salas y Suarez, 39 taong gulang, live-in partner, walang trabaho at parehong residente ng Block 20, Lot 7, Metro Subdivision, Barangay Anupul, Bamban, Tarlac.


Narekober ng mga pulis ang ninakaw na sasakyan na isang gray Volkswagen na may plakang CAO-1041.

Nahuli ang mga suspek matapos namataan ang nasabing sasakyan na nakaparada sa parking area ng Casino Hotel sa loob ng Clark Freeport Zone.

Isiniwalat sa imbestigasyon na ang nagmamay-ari ng nasabing sasakyan ay si Carlota Reyes y Cunanan, 51 taong gulang, balo, beautician, at residente ng Brgy. Tabun, Mabalacat City.

Ayon sa biktima, noong ika-22 ng July taong kasalukuyan ay nagsampa siya ng reklamo laban sa dalawang Korean National na sina Hwa, Il Young alyas Hwang at si Ki Young alyas Mr. Philip. Dagdag pa niya ang dalawang koreano ang nagrenta sa kanyang sasakyan at hindi na nila ito isinauli sa kanya. Pinagpasapasahan umano ng kanyang sasakyan hanggang sa hawak na ito ng mga nahuling suspek. Ibinunyag din ng biktima na bago ang pagkakaaresto ng mga suspek ay nakatanggap siya ng mga tawag at text mula kay Angelica Salas na nanghihingi ng Php200,000 na kapalit ng pagbabalik ng kanyang sasakyan. Kaya agad siyang nakipag-ugnayan sa Mabalacat MPS at nagsagawa ng entrapment operation na nagresulta sa mabilis na pagkakaaresto ng mga suspek.

# Drug Den, binuwag; tanod at 7 pang indibidwal, naaresto




**Isang drug den ang binuwag sa isinagawang buy-bust operation ng pinagsamang puwersa ng DDEU, DID at operatiba ng SDEU Pateros MPS kasama ang mga tauhan ng DMFB dakong alas 4:30 ng hapon noong ika-7 ng Oktubre, 2021 sa 1156 P. Rosales St., Brgy Sta ana, Pateros. Ang operasyon ay nagresulta sa pagkakaaresto ng apat (4) na suspek na kinilalang sina Marvin De Guzman y Reyes @ Marvin, 44 taong gulang, tanod; Reynaldo Reyes y Vargas, 52 taong gulang; Mark De Guzman y Reyes, 42 taong gulang; at Renato A Tavira, 38 taong gulang; lahat ay pawang mga residente ng Pateros. Ang mga nakuhang ebidensya ay anim (6) na heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu na may bigat na humigit-kumulang na 52.10 gramo na may Karaniwang Presyo ng Droga na Php357, 000; isang (1) tunay na Php500 bill na buy-bust money; limang (5) bulto ng transparent plastic sachets; isang (1) dilaw na lighter; at iba pang drug paraphernalia.**


Samantala, bandang 10:30 ng umaga sa magkahiwalay na buy-bust operation sa Pasay City, naaresto naman sina Mary Ann Pascual y Tolentino @Mary, 29 anyos; Junie Tumonong y Vargas @Junie, 45 anyos; at Marissa Gatchalian y Roque @Apol, 48 anyos; pawang mga residente ng Pasay City at nakalista sa Drug Watchlist. Nakumpiska mula sa posesyon ng mga suspek ang anim (6) na heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu na may bigat na humigit-kumulang na 3.13 gramo na may kalakalang halaga na Php21,284; isang (1) Php500 bill na buy-bust money; at isang (1) asul na plastic eyeglass case.

Sa oras humigit kumulang na dakong alas 7:20 ng gabi naman sa kaparehong araw, sa PNR site Purok 3, Brgy Bayanan, Muntinlupa City, habang ang mga tauhan ng Drug Enforcement Unit ay nagsagawa ng pagmamatyag at rebalidasyon, di sinasadyang makasalubong nila ang isang suspek na may hawak na medium heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu na dahilan ng kanyang pagkaaresto. Nakilala ang suspek na si Sofronio Cabanting Jr y Salazar alyas Kamote, 39 taong gulang at residente ng Barangay Bayanan ng Muntinlupa City. Nakumpiska mula sa suspek ang hinihinalang shabu na may tinatayang bigat na anim (6) gramo na nagkakahalaga sa DDB na Php40,800.

Lahat ng nakumpiskang iligal na droga at paraphernalia ay nasa pangangalaga na ng SPD Crime Laboratory para sa pagsusuri, habang ang mga suspek ay nasa kustodiya na ng nakahuling stasyon para sa tamang disposisyon at mahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Pinapurihan nmn ni PBGen Jimili L Macaraeg, District Director ng SPD ang mga operatiba ng Pateros MPS, Pasay CPS, at ang Muntinlupa CPS sa kanilang matagumpay na operasyon kontra iligal na droga at sa pagkaaresto ng mga suspek. "Sa pagpapatuloy ng aming pinalakas na kampanya laban sa iligal na droga, makakatulong ito sa pagsugpo at maiwasan ang paglawak ng pagbebenta sa ating kinasasakupan." ani ni PBGen Macaraeg.

# 4 na miyembro ng Kadamay, nagbalik-loob sa gobyerno




**Dahil sa programa ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte na "whole-of-the nation approach" upang wakasan ang paglaganap ng mga komunistang grupo sa loob ng bansa, nagbalik-loob sa pamahalaan ang apat (4) na miyembro ng Kalipunan ng Damayang Panlipunan (Kadamay) noong Martes, Oktubre 5, 2021.**

Pinangunahan ng RIU 3 kasama ang PIU Pampanga, Mabalacat CPS, Pampanga PPO, 72nd MICO 7MIB 7ID PA, at ODI 420th SW PAF ang pagbabalik-loob ng mga miyembro ng KADAMAY-Mabalacat Chapter.

Batay sa pagsisiwalat ng mga dating rebelde, ang grupo nila ang nagsagawa ng rally sa harap ng Mabalacat City Hall at ang kanilang hinaing ay "KARAPATAN PANINIRAHAN IPAGLABAN" na siya ding ipinakakalat ng iba pang miyembro ng Kadamay sa Metro Manila. Sila'y dating aktibong miyembro ng KADAMAY ngunit ngayon ay nangako na susuporta sa gobyerno.

# 3 suspek sa iligal na droga, arestado sa buy-bust operation

Arestado ang tatlong (3) suspek sa isinagawang operasyon ng Malabon City Police Station-SDEU na pinangunahan ni PLt Alexander J Dela Cruz sa pamumuno ni PCol Albert T Barot, ACOP, MCPS, kontra illegal na droga (buy-bust operation) bandang 9:40 ng gabi ng ika-6 ng Oktubre, 2021 sa kahabaan ng C. Arellano, Barangay Baritan, Malabon City.

Kinilala ang mga suspek na sina Clarence Evangelista y Cruz alyas "Kling Kling", 37 taong gulang, walang asawa, walang trabaho, at residente ng Bernales 1 Street, Barangay Baritan, Malabon City; Victor Valencia y Parado alyas "Kambal", 47 taong gulang, walang asawa, walang trabaho, at naninirahan sa C. Arellano Street, Barangay Baritan, Malabon City; at Allan Yumol y Bagadiong alyas "Kano", 43 taong gulang, walang asawa, walang trabaho, at naninirahan sa 1A Reparo Street, Morning Bliss, Caloocan City.

Nakuha mula sa mga suspek ang isang (1) piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu matapos magbenta sa poseur-buyer na pulis kapalit ng isang (1) piraso ng tunay na Php1000 bill na isinama sa siyam (9) na piraso




ng Php1000 boodle money na ginamit bilang buy-bust money.

Nasamsam din mula sa direktang posesyon ng mga suspek ang 19 piraso ng heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting mala-kristal na sangkap na hinihinalang shabu, isang kulay asul / berdeng cellular phone, isang kulay itim na lagayan, at ang buy-bust money.


Ang kabuuang nakumpiska na ebidensya na nauugnay sa droga ay tumitimbang ng humigit-kumulang na 115 gramo na may Karaniwang Presyo ng Droga na Php782,000.

Ang pag-iimbentaryo sa mga nasamsam na ebidensya ay nasaksihan nina Kagawad Edwin G. Hio at kinatawan ng media na si Ismael G. Santos.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya na ng SIDMS para sa tamang disposisyon at nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ng Malabon CPS-NPD ay sa direktang suberbisyon at suporta ni PBGen Jose S. Hidalgo Jr, DD, NPD upang masugpo ang paglaganap ng iligal na droga.

# 6 suspek, huli sa Php100K anti-illegal drug ops





**Sa ikinasang operasyon kontra iligal na droga ng pinagsamang puwersa ng PDEA RO III, Zambales PDEA, at Subic MPS ay nagresulta sa pagkabuwag ng isang drug den at pagkaaresto ng anim (6) na suspek sa Subic, Zambales noong Linggo ng hapon, ika-3 ng Oktubre taong kasalukuyan.**

Kinilala ang mga suspek na sina Renato Galote y Oquendo, 54 taong gulang; Alma Noble y Macasieb, 46 taong gulang; Roxanne Manalo y Gacias, 30 taong gulang; Phillip Escorton y Vinculado, 38 taong gulang; Rey Eugenio y Bautista; at Ener Monar y Diaz, 47 taong gulang.

Nakumpiska mula sa mga suspek ang limang (5) pirasong sachet ng hinihinalang shabu na may timbang na 15 gramo na nagkakahalaga ng Php102,000, mga pharapernalia, at isang (1) Php500 marked money.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

# 2 Wanted na miyembro ng CTG, arestado



**Arestado ang dalawang (2) wanted na miyembro Communist Terrorist Group (CTG) sa Sariaya, Quezon noong Oktubre 6, 2021.**

Alas-dos ng madaling araw nang isagawa ng 1st Quezon Police Mobile Force Company, kasama ang Sariaya Municipal Police Station, PIU-QPPO, at pwersa ng militar ang naturang operasyon sa Sitio Centro, Barangay Manggalang 1.

Sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong paglbag sa RA 10591 and RA 9516, naaresto ang mga suspek na sina Erlindo Baez Custodio alyas "Lino/Haligi", 53 anyos; at Wilfrido Caparano alyas "Willy", 60 anyos.

Narekober ng awtoridad mula sa pag-aari ng mga suspek ang cal .45 Norinco, dalawang (2) magasin, 11 na bala, dalawang (2) hand grenade at mga subersibong dokumento.

Sina Custodio at Caparano ay kasalukuyang nasa nakapiit sa 1st QPMFC Headquarters para sa karagdagang dokumentasyon at imbestigasyon.

# Mahigit P32-M pekeng sigarilyo, nasabat sa Bulacan; 4 suspek, arestado



**Pinapapurihan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang matagumpay na operasyon ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) kahapon, Oktubre 3, kung saan nakumpiska ang P32-milyon halaga ng pekeng sigarilyo sa Balagtas, Bulacan.**

Arestado naman ang apat na suspek na kinilalang sina Zeng Qiangjian, 42; Lin Shanxiong, 48; John Bejay Agujar, 25; at Rodolfo Brosas, 25.

Nakumpiska sa kanilang pag-aari ang 27 karton ng Marlboro light cigarettes (50 ream bawat karton); anim (6) karton na Marlboro red cigarettes (50 ream bawat karton); 41 karton ng Marvel red cigarettes (50 ream bawat karton); 26 karton ng Jackpot cigarettes (50 ream bawat karton); 41 karton ng Union cigarettes (50 ream bawat karton); 15 karton ng Cambo cigarettes (50 ream bawat karton); 167 karton ng Fortune blue cigarettes (50 ream bawat karton); 49 karton ng Mighty green cigarettes (50 ream bawat karton); 637 karton ng Two Moon cigarettes (50 ream bawat karton); 95 karton ng Fortune green cigarettes (50 ream bawat karton); at 244 karton ng D&AMPB cigarettes (50 ream bawat karton).

Sa kabuuan, nagkakahalaga ng P32,305,000 ang nakumpiskang mga pekeng sigarilyo.

Bukod sa kontrabando, kinumpiska rin ang Isuzu elf truck, boodle money, at Php1,000.

"Patuloy ang mga iligal na gawain sa panahon ng pandemya and that is the reason we in the PNP are also not lowering our guard against them," giit ni PGen Eleazar.

Ang mga suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa Art. 189 ng Revised Penal Code, RA 7394 (The Consumer Act of the Philippines), RA 8293 (Intellectual Property Code of the Philippines), at RA 1937 (An Act to Revise and Codify the Tariff and Custom Law of the Philippines).

# P5.7-M shabu, nasamsam sa Manila anti-illegal drug ops

**Matagumpay ang magkahiwalay na anti-illegal drug operations sa Manila kung saan nasamsam ang P5.7-milyon halaga ng hinihinalang shabu.**



Batay sa impormasyon ng Manila Police District (MPD), nasa 835 gramo ng iligal na droga ang nakumpiska sa magkahiwalay na buy-bust operation sa San Miguel noong Lunes, Oktubre 4 at sa Tondo noong Martes, Oktubre 5.

Naaresto naman ang pitong (7) suspek sa dalawang operasyon.

Sa buy-bust operation na ikinasa sa 153 Marayag Street, Barangay 648, naaresto si Nasfira Nassir Abdulla, 67 anyos. Nakuha mula sa kanya ang 16 sachet (735 gramo) ng shabu na nagkakahalaga ng P4.99-milyon.

Nakumpiska naman sa Tondo buy-bust ang 100 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng P680,000. Arestado ang mga suspek na sina Jonathan Balingit, 24; Esmelita Tumbagahan, 61; Renalyn Silverio, 40; Aldwin Castillo, 43; Anna Punzal, 40; at Mark Echalar, 42.

Pinapurihan ni PNP Chief PGen Guillermo Eleazar ang mga tauhan ng MPD sa matagumpay nilang operasyon kontra iligal na droga.

"Makakaasa ang publiko na magpapatuloy ang kapulisan sa ganitong mga operasyon upang tuluyang matigil ang bentahan at paggamit ng iligal na droga sa mga komunidad," pagtitiyak ng hepe.

Ipinag-utos na rin ni PGen Eleazar ang karagdagang imbestigasyon upang matukoy ang iba pang posibleng kasabwat ng mga suspek at kung sila ay sangkot sa mas malaking sindikato ng iligal na droga.

# Mahigit Php2.4-M halaga ng marijuana, narekober sa naaksidenteng sasakyan



**Mahigit Php2.4 milyong halaga ng marijuana bricks ang narekober ng mga awtoridad na rumesponde sa isang sasakyang nasangkot sa aksidente sa Barangay Bado Dangwa, Tabuk City, Kalinga noong October 3, 2021.**

Batay sa ulat, may mga nakakita umano na nagmula ang puting Toyota Fortuner na may plakang GAF08 mula sa direksyon ng Barangay Bantay at patungong Barangay Calanan. Nang nasa kurbahan na ang sasakyan ay inagaw umano nito ang kabilang linya kaya nabangga nito ang isang motorsiklo.

Isinugod sa pagamutan ang driver ng motorsiklo na kinilalang si Adrial Pangibitan na residente ng Barangay Bantay habang nakatakas naman ang hindi pa nakikilalang driver ng SUV.

Sa pagsisiyasat ng mga pulis sa loob ng SUV ay tumambad sa kanila ang 20 marijuana bricks na tinatayang may bigat na 20,400 na gramo at nagkakahalaga ng Php2,448,000.

Narekober din ang isang mobile phone, Certificate of Registration at Official Receipt; Advantage Card, at isang ATM Card.

# Drug den sa Cebu, sinalakay; 8 indibidwal, arestado

**Isang drug den ang nabuwag at walong (8) suspek ang naaresto sa isinagawang buy-bust operation ng pinagsamang puwersa ng Special Operating Unit (SOU) 7, PNP Drug Enforcement Group kasama ang Station 11 ng Mambaling Cebu City Police Office sa Sitio Tinabangay, Brgy. Mambaling, Cebu City noong Oktubre 5, 2021.**

Nakumpiska sa nasabing drug den ang mahigit kumulang 35.58 na gramo ng hinihinalang shabu na may tinatayang katumbas na Standard Drug Price na Php241,944.

Kinilala ang mga nahuling indibidwal na sina Kaypee Encorporado Pia, 31 taong gulang at residente ng Sitio Little Dalaguete, Baragay San Nicolas; Jesus Sayson Espina, 37 taong gulang at residente ng Sitio Kalubihan, Brgy. San Nicolas; Rexon Saavedra Eylaya, 37 taong gulang at residente ng Sitio Avocado, Brgy. Mambaling; John Paul Minoza Salgado, 40 taong gulang at resident ng 116 Spolarium Street, Duljo Fatima; Mathew Froilan Fabilona Aganan, 39 na taong gulang at residente ng Brgy. Sambag 1; Ramelisa Despues Donaire, 26 na taong gulang at residente ng Poro Camotes; Rosemarie Carillo Dela Cruz, 24 na taong gulang at residente ng Sitio Tinabangay, Brgy. Mambaling; at Junery Hermosilla Eran, 36 na taong gulang at residente ng Brgy. Bulacao, Cebu City.

Kabilang din sa mga nakumpiska ay ang isang (1) totoong Php500 bill kasama ang boodle money na ginamit bilang buy-bust money, dalawang (2) pirasong nakarolyo na aluminum tin foil, isang (1) improvised tooter, dalawang (2) ginamit na aluminum used tin foil, isang (1) hunting, tatlong (3) piraso ng ginamit na lighter, isang (1) yunit ng caliber 38 revolver, at apat (4) na piraso ng bala ng calliber 38 revolver.

Ang mga naarestong suspek at mga nakuhang ebidensya ay nasa ilalim na ng kustodiya ng SOU 7, PNP DEG para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 40 * Oktubre 2 - 8, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Project B2B, inilunsad ng mga kapulisan sa Cagayan








**Pormal na inilunsad ang "Project Blessed to Bless" (B2B) ng Cagayan Police Provincial Office noong Lunes, Oktubre 4 sa Camp Tirso H Gador, Tuguegarao City.**

Layon ng "Project B2B" na mangalap ng donasyon tulad ng mga laruan, libro at anumang kagamitan na maaaring magamit ng kapus-palad na mga kabataan.

Nais ng Cagayan PPO na magbigay ng ngiti sa mga labi ng mga bata ngayong nalalapit na kapaskuhan sa kabila ng krisis na dulot ng COVID-19.

Ito rin ay bilang pasasalamat ng Cagayano Cops sa mga biyaya na kanilang natatanggap at tinatamasa. Ayon kay Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director ng Cagayan PPO, ang naturang proyekto ay isang paraan para buhayin sa puso ng mga kapulisan ang diwa ng pagtutulungan at pagmamalasakit sa kapwa.

"Everyone must always have happiness and love from within which one can share to others in this time of uncertainties and challenges," ani PD Sabaldica.


Ang Project B2B ay inisyatibo ng Cagayan PPO sa pakikipagtulungan ng PRO2 Officer's Ladies Club at Cagayan Police Provincial Office Ladies Link.

Matatagpuan ang B2B box sa Cagayano Cops lobby kung saan maaaring ihulog dito ang mga laruan at anumang donasyon para sa mga kabataan.

# Food packs, libreng gupit, handog ng mga kapulisan sa Pangasinan







**Nasa 80 ang bilang ng mga residente sa Barangay San Felipe East ng San Nicolas, Pangasinan ang nakatanggap ng mga gulay at bigas mula sa 104th Maneuver Company Regional Mobile Force Battalion 1.**

Bukod dito, naghandog din ng libreng gupit at medical check-up ang mga kapulisan sa mga residente ng Sitio Lagpan.

Tumanggap din ng mobile phones at tactical flashlights ang Barangay Council, na makatutulong sa pagtupad ng kanilang tungkulin sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa kanilang komunidad.

Nagpasalamat naman si PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa mga kapulisan dahil sa pagmamalasakit sa mga residente ng kanilang nasasakupan, lalo na ngayong panahon ng pandemya.

"Saludo ako sa ating mga pulis dito sa Pangasinan na pinilit tugunan ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan upang makabawas sa kanilang alalahanin ngayong may pandemya," ani PGen Eleazar.

"Sana marami pa tayong matulungan sa mga ganitong simple ngunit makabuluhang proyekto," dagdag ng hepe.

# Pulis-Apayao, tumulong sa pag-aayos ng mga modules

Sa pagdiriwang ng National Teacher's Day, tinulungan ng mga pulis sa Luna, Apayao ang mga guro sa pag-aayos ng modyul para sa mga estudyante ng BACDA National High School.

Ito ay bahagi ng programang BARANGAYanihan ng PNP, na naglalayong buhayin ang Bayanihan Spirit sa kabila ng hirap na nararanasan dahil sa COVID-19 pandemya.

Pinapurihan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang ipinakitang malasakit ng mga tauhan ng Luna Municipal Police Station. Aniya, ipinamalas nila ang pagpapahalaga at pagkilala sa sakripisyon ng mga guro upang hubungin ang mga kabataan na siyang pag-asa ng ating bayan.

"Nakatataba ng puso na kahit sa ganitong simpleng pagtulong ay naalala ng ating kapulisan ang sakripisyo at paghihirap ng ating mga guro lalo na ngayong pandemya," ani PGen Eleazar.

